



Karta ng mga Karapatan sa Pangangalaga ng Matatanda

May karapatan ako:

1. sa pangangalaga at mga serbisyong ligtas at mataas ang kalidad;
2. na tratuhin nang may dignidad at respeto;
3. sa pagpapahalaga at pagsuporta sa aking pagkakakilanlan, kultura at pagkakaiba-iba;
4. na mabuhay nang walang pang-aabuso at pagpapabaya;
5. na mabigyan ng kaalaman tungkol sa aking pangangalaga at mga serbisyo sa paraang naiintindihan ko;
6. na makuha ang lahat ng impormasyon tungkol sa aking sarili, kabilang ang impormasyon tungkol sa aking mga karapatan, pangangalaga at mga serbisyo;
7. na magkaroon ng kontrol sa at makapili tungkol sa aking pangangalaga, at personal at panlipunang buhay, kabilang dito kung ang mga pagpipilian ay may kasamang personal na panganib;
8. na magkaroon ng kontrol sa, at gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga personal na aspeto ng aking pang-araw-araw na buhay, mga pampinansyang gawain at ari-arian;
9. sa aking kalayaan;
10. na mapakinggan at maunawaan;
11. na magkaroon ng isang taong pinili ko, kabilang ang isang tagapagtaguyod ng pangangalaga sa matatanda, na susuportahan ako o magsasalita para sa akin;
12. na magreklamo nang malaya mula sa paghihiganti, at ang aking mga reklamo ay hinaharap nang patas at agaran;
13. sa pagkapribado ng sarili at maprotektahan ang aking personal na impormasyon;
14. na magamit ang aking mga karapatan nang hindi ito makakaapekto sa pagtrato sa akin.

Konsyumer

Lagda ng konsyumer (o ng awtorisadong tao) (kung piniling pumirma)

Buong pangalan ng konsyumer

Buong pangalan ng awtorisadong tao (kung naaangkop)

Provider

Lagda at buong pangalan ng kawani ng provider

Pangalan ng konsyumer

/ /

Petsa kung kailan binigyan ang konsyumer ng kopya ng Karta

/ /

Petsa kung kailan binigyan ang konsyumer (o awtorisadong tao) ng pagkakataong pumirma sa Karta

Karta ng mga Karapatan sa Pangangalaga ng Matatanda

Mga Konsyumer

Ang mga konsyumer ay may opsyon na pumirma sa Karta ng mga Karapatan sa Pangangalaga ng Matatanda (Ang Karta). Makatatanggap ang mga konsyumer ng pangangalaga at mga serbisyo kahit na pinili nilang hindi pumirma.

Kung ang isang konsyumer ay nagdesisyon na pumirma sa Karta, kinikilala niya na binigyan siya ng kaniyang provider ng kopya ng Karta, at tinulungan siyang maintindihan ang:

- impormasyon tungkol sa mga karapatan ng konsyumer na may kinalaman sa serbisyo ng pangangalaga sa matatanda; at
- impormasyon tungkol sa mga karapatan ng konsyumer sa ilalim ng Karta.

Mga Provider

Sa ilalim ng batas sa pangangalaga ng matatanda, ang mga provider ay kinakailangang tumulong sa mga konsyumer na maunawaan ang kanilang mga karapatan at bigyan ang bawat konsyumer ng makatwirang pagkakataon na pumirma sa Karta. Dapat bigyan ng mga provider ang mga konsyumer ng kopya ng Karta na nagtatakda ng:

- pirma ng kawani ng provider;
- petsa kung kailan binigyan ang konsyumer ng kopya ng Karta; at
- petsa kung kailan binigyan ang konsyumer (o awtorisadong tao) ng pagkakataon na pumirma sa Karta;
- pirma ng konsyumer (o ng awtorisadong tao)(kung pipiliin niyang pumirma); at
- buong pangalan ng konsyumer (at ng awtorisadong tao, kung naaangkop).

Kailangang magtabi ang provider ng isang kopya ng Karta para sa kanilang talaan ng mga dokumento.